Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-28 NG NOBYEMBRE, 2001, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:10 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | ............... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Florencio C. Odejar | ............... | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | ............... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | ............... | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ............... | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | ............... | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | ............... | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | ............... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ............... | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | ............... | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ............... | Kagawad |

## KAPASIYAHAN BLG. 260-T'2001

KAPASIYAHANG HUMIHILING KAY G. ALEX CATAGUIZ, GENERAL MANAGER NG LAGUNA LAKE DEVELOPMENT AUTHORITY NA ANG LAHAT NG FISHPENS / FISHCAGES NA ILALAGAY SA BAHAGI NG LAWA NA ITINAKDANG NASASAKUPAN NG BAYAN NG SANTA CRUZ AY MAIGAWAD ANG PERMISO SA MGA MAMAMAYAN NG SANTA CRUZ LALUNG-LALO NA ANG MGA MANGINGISDA AT NAGHAHANAPBUHAY SA LAWA NG LAGUNA.

May-Akda: Kgg. Kag. Edgardo T. Porca

SAPAGKA'T, ang mga mangingisda na taga-Santa Cruz ay hirap na sa panghuhuli sa dahilang kakaunti na ang isda ng lawa;

SAPAGKA'T, maraming taga-Santa Cruz ang nagnanais na makapaghanapbuhay sa lawa sa pamamagitan ng Fishpens / Fish cages;

SAPAGKA'T, ang Samahan ng mga Mangingisda sa bayang ito ay may proyektong panghanapbuhay sa pamamagitan ng Fish cages;

SAPAGKA'T, nais ng Sangguniang Bayan ng Santa Cruz na matugunan ang kahilingan ng Samahan ng mga Mangingisda at mga pribadong taong taga-Santa Cruz na maghanapbuhay sa pamamagitan ng Fish pens at Fish cages;

KUNG KAYA'T DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Edgardo T. Porca, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Florencio C. Odejar at Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na humiling kay G. Alex Cataguiz, General Manager ng Laguna Lake Development Authority na ang lahat ng Fishpens / Fishcages na ilalagay sa bahagi ng Lawa na itinakdang nasasakupan ng bayan ng Santa Cruz ay maigawad ang permiso sa mga mamamayan ng Santa Cruz lalung-lalo na ang mga mangingisda at naghahanapbuhay sa lawa ng Laguna.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Laguna Lake Development Authority, Samahan ng mga Mangingisda, lahat sa bayang ito para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan